# Ang siwāk ay isang kadalisayan para sa bibig, na isang kaluguran para sa Panginoon."}

Ayon kay `À'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang siwāk ay isang kadalisayan para sa bibig, na isang kaluguran para sa Panginoon."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām An-Nisaiy at Imām Aḥmad]

Nagpapabatid sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang paglilinis ng mga ngipin sa pamamagitan ng munting patpat ng punong arāk at tulad nito ay nagdadalisay ng bibig mula sa mga karumihan at mga mabahong amoy; at na ito ay kabilang sa mga kadahilanan ng pagkalugod ni Allāh sa tao dahil dito ay may isang pagtalima kay Allāh at isang pagtugon sa utos Niya at dahil dito ay may kalinisang naiibigan ni Allāh (napakataas Siya).



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee